



ANG UNANG LIHAM NI JUAN – na hindi maaaring ihiwalay sa kanyang Ebanghelyo – ay nagpapagunita sa atin na ang daang-Kristiyano ang daan ng ating pagtamo ng pagka-Diyos. Makatutulong ang paninindigang ito sa marami na nag-aalinlangan. Bilang halimbawa, nagpaliwanag ang isang kabataan sa unibersidad kung paano siya napabayaang ng Kristiyanong paniniwala at naging militanteng marksista: “Gusto kong *ibigin* ang aking mga kasama sa mas mabisang paraan.”

Sinabi naman ng isa pa: “Tinutulungan ng pananampalataya ang hindi pa nakapagtatamo ng *tunay na pananaw sa mga bagay-bagay* na ipinagkakaloob sa atin ng makabagong siyensiya.”

Nais ng isa pang malampasan ang mga mapanlinlang na kasiyahan sa buhay at *makipag-isa sa kawalang-hanggan* sa mga doktrinang silanganin.

Waring sinasabi ng tatlong halimbawang ito na gaano man kaganda at kagalang-galang ang pananampalataya, limitado ito, at mayroong nasa isang tao na hindi natutugunan ni Kristo. Sa kabaligtaran nito, pinatitibayan ni Juan sa unang liham na ito: sa pagtatamo sa Anak ng Diyos, nasa ganap kang Katotohanan, lumalakad ka sa tunay na Pag-ibig, nakikipagkaisa ka sa mismong Diyos.

Gayunman, baka natin nilililang ang ating sarili kapag nagpapanggap tayong pinupuspos ni Kristo. At ito ang dahilan kung bakit sinasabi ni Juan kung paano natin mapatutunayan na lumalakad tayo sa kaliwanagan at namumuhay sa Pag-ibig.

– Kay Kristo ay nakikilala natin ang mismong Diyos; gayunman dapat nating laging alalahanin at isaloob ang kanyang mga gawa, ang kanyang misyon, at ang daan ng kanyang pagiging tao.

– Naniniwala tayong muli tayong isinilang mula sa Diyos: hindi iyon nangangahulugan na nakapangingibabaw tayo sa kanyang mga utos, o maaari nating kaligtaan ang pang-araw-araw na tungkulin upang maging karapat-dapat sa kanya.

– Binago ng pananampalataya ang ating kaalaman tungkol sa Diyos. Ngunit lalong mahalaga pa ang pag-unawa sa kanyang pag-ibig, at tungo ryan, wala nang hihigit pang aral kaysa aral ng krus.

1 • ¹Nauukol ito sa mula sa simula pa, sa aming narinig, sa nakita ng aming mga mata, ang aming namalas na nahipo rin ng aming mga kamay, bina-banggit ko nga ang buhay na *Sinalitang-wika*.

²Nagpakita nga ng *sarili ang Buhay...* at nakakita naman kami kaya nagpapahayag sa inyo ng buhay na walang hanggan. Sumakay Ama siya at nagpakita sa amin.

³Kaya ipinahahayag namin sa inyo ang aming nakita at narinig upang mayroon din kayong pagkakaisa sa amin at kami naman sa Ama at sa kanyang Anak, si Jesucristo.

⁴At sinusulat namin ito para maging ganap ang ating kagalakan.

Lumakad sa liwanag

• ⁵Sa kanya namin narinig ang pahayag na ito, at ipinahayag din ito sa inyo: liwanag ang Diyos at walang kadiliman sa kanya.

⁶Kung sasabihin natin na mayroon tayong pagkakaisa sa kanya at nasa dilim

naman ang ating pamumuhay, nagsisiningaling tayo at hindi natin isinasagawa ang katotohanan. ⁷Ngunit kung nasa liwanag ang ating pamumuhay, gaya ng pananalita Niya sa liwanag, mayroon tayong pagkakaisa sa isa't isa at nililinis tayo ng dugo ni Jesucristo, na kanyang Anak, sa kahit anumang kasalanan.

⁸Kung sasabihin nating wala tayong taglay na kasalanan, dinadaya natin ang sarili at wala sa atin ang katotohanan.

⁹Kung aaminin natin ang ating mga kasalanan, patatawarin niya na matapat at makatarungan ang ating mga kasalanan at lilitin tayo sa kahit anumang kasamaan.

¹⁰Kung sasabihin natin na hindi tayo nagkasala, ginagawa natin siyang sinuningaling at wala sa atin ang kanyang salita.

Tuparin ang utos ng pag-ibig

2 • ¹Minamahal na mga anak, sinusultan ko kayo nito nang hindi na kayo magkasala. Ngunit kung may magkasala, mayroon tayong isang tagapagtanggol na nasa piling ng Ama, si

1.1 Hindi tatalakay si Juan sa mga himala, o pahayag o mga lihim na iniingatan ng ilang sanay. Higit na payak ang katotohanang isinasalaysay niya at higit na pan-Diyos din kaysa lahat ng ito: lumapit ang Diyos, dumating ang Walang-hanggan Buhay upang mamuhay na kasama ng tao. *Ang sinalitang wika*: tingnan ang Juan 1:1.

Nalantad ang *Buhay*. Huwag kayong maghanap ng mga himala at kapangyarihan. Huwag kayong umasa sa kahanga-hangang mga pahayag tungkol sa ibang daigdig. Isiniwalat ang buhay bilang kaloob mula sa Ama, ang muling pagsilang ng taong walang pag-asa, ang maka-Diyos na ngiti, ang hindi inaasahang pagdalaw ng naghahangad na ihati ang kanyang buhay sa mga tao (Kas 8:31). Hindi natin matatagpuan ang buhay sa mga aklat lamang, ngunit sa pamamagitan ng pakikipag-isa sa mga nakasaksi na at nakaranas niyon nang una sa atin, at naging Iglesya ni Kristo.

• **5. Mamuhay sa liwanag:** ito ang buhay-Kristiyano.

Sa ibabaw at sa kabila ng iba-ibang katotohanan na natuklasan ng tao, may liwanag na siyang kabuuan Katotohanan at hindi mahahati: ang isang tao ay nasa, o wala sa, kaliwanagan. Hindi ito nangyayari sa isip lamang; ang kabuuan ng tao ang *gumagawa, nabubuhay, lumalakad* sa Kaliwanagan. Binibigyan tayo

ng liwanag ng pananampalataya at inilalayo tayo sa maraming sagabal:

– Ang limitadong pananaw ng taong walang-pananampalataya. Hindi niya pagkakasunduin ang iba-ibang kahalagahan: halimbawa, sa paghanap ng kaayusan, kinaliligtaan niya ang lunggati sa katarungan; o sa pakikipagtunggali para sa katarungan, tinutuntungan niya ang karapatan ng kanyang kalaban.

– Ang pagkabalisa ng taong walang layunin; pinatatahimik ang sariling mga alinlangan sa pagkilos nang walang habas.

– Ang sektaryanismo na humahadlang sa atin upang maging “panlahat na kapatid.”

Natututuhan natin sa Iglesya ang panlahat na pananaw ng kabuuan ng tao. Isa ito sa mga kayamanan na kailangang ibahagi ng mga Kristiyano – sa kanilang mga kababayan.

Ang unang pamantayan upang matiyak kung *namumuhay tayo sa liwanag*: tumalikod ba tayo sa kasalanan? Upang maunawaan ang talatang ito, dapat nating malaman na sinasalungat ni Juan ang ilang “bulaan o huwad na propeta”: “Sapagkat mga Kristiyano tayo, na nananatiling nakikipagkaisa sa Diyos, kaya nga hindi mahalaga ang mga kasalanan ng katawan.” Ipinahayag ni Juan, na kapag pinili natin ang Diyos, hindi na tayo maaaring magpatuloy na

Jesucristo na siyang matuwid. ²Siya ang hain para sa ating mga kasalanan hindi para sa atin lang kundi para sa buong daigdig.

³Paano natin malalaman na nakikilala natin siya? Kung tinutupad natin ang kanyang mga utos.

⁴Kung may nagsasabi: “Nakikilala ko siya” na di naman tumutupad sa mga utos niya, sinungaling ito at hindi nito taglay ang katotohanan.

⁵Kapag tumutupad naman ang sinuman sa mga utos, tunay na ginaganap nito ang pag-ibig ng Diyos. Paano natin malalaman na nasa kanya tayo?

⁶Ang nagsasabi: “Sa kanya ako nananatili” ay dapat mamuhay na gaya ng kanyang pamumuhay.

⁷Mga minamahal, hindi bagong utos ang isinusulat ko sa inyo, kundi ang dati na angkin na ninyo sa simula pa: dating utos na ang salitang narinig ninyo.

⁸Gayunman, ibinibigay ko itong bago sa inyo sapagkat nakikitang bago sa kanya at sa inyo rin: palipas na nga ang kadiliman at nagniningning ang liwanag.

⁹Magsabi man ang isa: “Nasa liwanag ako” at namumuhi naman siya sa kapatid, nasa kadiliman pa siya.

¹⁰Sa liwanag nananatili ang may pagmamahal sa kapatid at wala siyang ikatitod niya. ¹¹Gayundin nasa kadiliman

sumusuko sa kasalanan. Malinaw na walang taong walang kasalanan: kailangan nating lahat ang pagtubos ni Kristo; ngunit ang kapatawaran mismo ang pumipilit sa atin na lumayo sa kasalanan.

Inaanyayahan tayo ni Juan na *aminin ang ating mga kasalanan* sa Diyos, na ang ibig sabihin, ay aminin nating buong-kapakumbabaan sa harap ng Diyos, na nagkasala tayo, ngunit nagtiwala tayo sa kanyang kabutihang-loob. Kapag wala ang ganitong damdamin, walang halaga ang “kumpisal.” Ngunit, sa kabilang dako, ang pangungumpisal ng ating kasalanan sa sakramento ng pagpipenitensiya ay malaki ang maitutulong sa pagbubukas ng ating puso sa Diyos.

• **2.1** Ang pangalawang pamantayan ng ating pag-ibig sa Diyos: ang pagtalima sa mga utos na ang buod ay pag-ibig. Maaari kaya na nagpapanggap

ang namumuhi sa kapatid niya; nasa kadiliman ang kanyang pamumuhay at hindi pa niya malaman kung saan siya papunta sapagkat binulag siya ng dilim.

¹²Minamahal na mga anak, ito ang aking sinusulat sa inyo: pinatawad na ang inyong mga kasalanan sa Pangalan niya.

¹³Mga ama, ito ang sulat ko sa inyo: Kilala na ninyo ang Siyang mula sa simula pa Mga kabataan, ito ang sulat ko sa inyo: nadaig na ninyo ang Masama

¹⁴Sa inyo ako sumulat, mga anak sapagkat kilala na ninyo ang Ama Sa inyo ako sumulat, mga kabataan, sapagkat kilala ninyo ang siyang mula sa simula pa.

Sa inyo ako sumulat, mga kabataan, sapagkat malalakas kayo at sa inyo nananatili ang salita ng Diyos: nadaig nga ninyo ang Masama.

• ¹⁵Huwag ninyong mahalín ang mundo ni ang taglay ng mundo Kung may nagmamahal sa mundo, wala sa kanya ang pag-ibig ng Ama.

¹⁶Pagkat sa mundo –

galing ang lahat ng taglay ng mundo, makalupang pagnanasa kasakiman ng mata

at pagmamalaki sa sariling lakas ito’y hindi galing sa Ama.

¹⁷At lumilipas ang mundo kasama ang pagnanasa nito ngunit magpakailanmang

tayong *kilala natin ang Diyos* at tayo ay mananam-palataya? Kailangang masukat iyon sa ating pag-ibig sa iba. Isang *dating utos*, ang unang natutuhan natin sa Iglesya: isang *bagong utos*, sapagkat laging kailangang tuklasin ng daigdig ang mga bagong pamamaraan sa kapangyarihan ng pag-ibig.

• 15. Ang pangatlong pamantayan: huwag ibigin ang mundo. Bigyang-pansin kung paanong nagsimula si Juan sa pamamagitan ng pakikigalak sa kanyang mga mambabasa sapagkat *kilala nila ang Ama*. Hindi iyon ang pagkamuhí sa sanlibutan na sinagip ni Kristo sa kanyang pagdating (tingnan ang komentaryo ng Juan 3:17). Ngunit kailangang mulat tayo sa katotohanang may daloy ng kasamaan mula sa *diyablo* sa sanlibutan. Ayon kay Juan sa talatang ito, *ang mundo* ang mapanlinlang na buhay na ginagalawan ng mga tao kapag hindi na sila naghahanap sa kalooban ng

nananatili ang tumutupad sa kalooban ng Diyos

Itakwil ang antikristo

• ¹⁸Minamahal na mga anak, ito ang huling oras. Natutuhan ninyo na lilitaw ang Anti-Kristo at maraming antikristo ang nakita na. Sa gayon alam natin na ito ang huling oras.

¹⁹Sa atin sila nanggaling ngunit hindi natin sila kasapi. Kung kasapi nga natin sila kasama natin sana silang nagpapatuloy. Kaya maliwanag na hindi lahat ay kasapi natin.

²⁰Taglay ninyo ang pahid ng Siyang Banal, kayat nagkakaroon kayong lahat ng kaalaman.

²¹Sinusulatan ko kayo hindi dahil sa hindi ninyo alam ang katotohanan kundi alam na ninyo ito at walang kinalaman ang bulaan sa katotohanan.

²²At sino ang sinungaling?

Ang siyang nagtatatwa na si Jesus ang Mesiyas.

Ito talaga ang antikristo, sa pagtatwa sa Ama at sa Anak. ²³Kung may nagtatwa sa

Anak, wala na sa kanya ang Ama ngunit sa pagkilala niya sa Anak, ang Ama rin ang kanyang taglay.

²⁴Manatili sana sa inyo ang narinig ninyo sa simula pa at manatili rin kayo sa Anak at sa Ama ²⁵sapagkat ito ang ipinangako niya mismo: ang buhay na walang hanggan.

²⁶Ito ang isinusulat ko sa inyo tungkol sa mga may hangad na magligaw sa inyo.

²⁷Sa inyo naman nananatili ang pahid na inyong tinanggap sa kanya, kayat dikailangang turuan kayo. Ang kanyang pahid ang nagturo sa inyo ng lahat; mapagtitiwalaan ito at di sinungaling. Tinuruan niya kayo, kayat sa kanya kayo magpatuloy.

²⁸At ngayon, mga anak, manatili sa kanya, sa gayon kayo magiging walang takot sa pagkakakita sa kanya na maluwalhati at di tayo mapapahiya sa kanyang pagdating.

²⁹Alam ninyo na makatarungan siya kaya alamin din ninyo na nagmula sa kanya ang sinumang gumagawa ng matuwid.

ama, at tumututol kay Kristo. Dalawang magkalabang lakas ang nasa ating mundo at sa mga tao: mula sa Ama ang isa at magpasa-walang hanggan; binubuo naman ang isa ng anumang binabalak at hinahangad ng tao kapag nalilimutan niya ang kanyang katayuan bilang anak ng Diyos: ang pagkagahaman at pag-ibig sa sarili ang umaakay sa kanya sa kamatayan.

Mayroon pang masasabi tungkol sa *hindi pagmamahal sa sanlibutan*. Mabuti talaga ang lahat ng nagmumula sa Diyos: ang sikat ng araw, pag-ibig, anumang nagiging bunga ng katalinuhan at kamay ng tao. Gayunpaman, walang katuturan ang kabuuang nilikha kung ihahambing natin sa Diyos.

Habang itinuturing natin ang mundo na dakilang kaloob sa atin ng Diyos at ipinalalagay nating may pananagutan tayo sa kanya dahil sa pag-unlad at pagkabuo nito, ang mundo ay makabubuti para sa atin. Ngunit sa sandaling ituring natin na ang sanlibutan ay ating pag-aari na pakikinabangan o kaliligtaan batay sa ating kapritso, o kung nagpapanggap tayo na mababago iyon nang nag-iisa at sa dahas, nagiging pinakamasamang kaaway natin ito, isang diyus-diyusan na aalipin sa atin at pagbubuhatan ng paglalaman. Itinatalaga ng mga Kristiyano ang kanilang sarili sa sanlibutan (sa unang kalagayan) ngunit hindi

nakikipagkaisa sa sanlibutan (ikalawang kalagayan). Pinananatili nila ang kanilang kalayaan bilang mga anak ng Diyos; kung hindi, hindi na sila anak dahil sa kanilang pag-ibig sa sanlibutan.

• 18. Pang-apat na pamantayan: upang matiyak na lumalakad tayo sa Kaliwanagan, kailangang tanggihan natin ang Anti-kristo; kailangang maging matatag tayo sa pananampalataya at sa mga aral ng pananampalataya. Alam ng mga Kristiyano sa kapanhuhunan ni Juan na bago ang maluwalhating pagbabalik ni Kristo, lilitaw ang isang *Anti-kristo*. Sinasabi ni Juan: Nagawa nang antikristo ang taong itinatatwa na si Jesus ang Mesiyas, na nagkatawang-tao. At ngayon, marami tayong nakikilalang mga tao na may dalawang pagkakilala kay Jesus: sa isang dako, si Jesus na medyo galing sa alamat – na tiyak na isang “propeta” na talunan – at sa kabilang dako, isang makalangit na “Kristo” na sinasamba ng mga mananampalataya.

Tinanggap ninyo ang pahid na buhat sa kanya. Sinasabi ni Juan na may pahid tayong mga Kristiyano. Hindi niya tinutukoy ang pagpapahid ng langis lamang na ginagawa sa pagbibinyag at pagkukumpil. Ang “Kristo” ay nangangahulugan ngang “hinirang,” hindi pinahiran ng langis, kundi ng Espiritu Santo ng Diyos,

3 • ¹Isipin ninyo ang laki ng pag-ibig na kaloob sa atin ng Diyos: Tinatawag tayong mga anak ng Diyos, at gayon nga tayo talaga. At bakit hindi tayo kinikilala ng mundo? Dahil lamang ang mundo ay di kumilala sa kanya

²Mga minamahal, mga anak na tayo ng Diyos bagaman hindi pa ipinakikita kung magiging ano tayo. Ngunit alam natin na sa pagpapakita niya matutulad tayo sa kanya sapagkat makikita natin siya kung ano siya. ³Dahil dito, lumilinis sa sarili ang may ganitong pag-asa at tumutulad sa kanyang kalinisan.

⁴Mapaglabag ang sinumang nagkakasala pagkat ang anumang sala ay paglabag ⁵Alam ninyo na wala siyang kasalanan ngunit napakita Siya upang alisin ang mga sala ⁶Kaya hindi nagkakasala ang nananatili sa kanya; kung may nagkakasala naman hindi Siya nakita o nakilala nito.

ang kanyang Ama. Sinasabi ni Juan: kailangang maturuan kayong mga Kristiyano, ngunit dapat kayong maging aktibo: kailangang masuri at maunawaan ninyo kung tama at seryoso ang pagtuturo sa inyo ng salita ng Diyos.

Ang Paghirang (ang Espiritu) ang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay. Iniisip din ni Juan ang mga propeta na humihikayat at nagtuturo sa mga simbahan nang kapanahunang iyon: sa mga salita nila tinuruan ng Espiritu ang pamayanan (tingnan ang Gawa 14:21 at 1 Tes 5:19). Ngayon, pinangangalagaan din tayo ng Espiritu sa katotohanan at itinuturo ang mga daan ng katotohanan sa mga nakikibahagi sa buhay ng Iglesya; ngunit huwag nating ipalagay na ituturo ng Espiritu ang lahat-lahat sa bawat isa nang isa-isa: mag-ingat sana ang bawat isa sa kanyang sariling inspirasyon kung hindi siya sanay tumalima!

• **3.1** Dito nagsisimula ang ikalawang bahagi ng Liham: mga anak ng Diyos tayo, kaya nararapat na mamuhay tayo na tulad sa anak ng Diyos. Paano natin mapatutunayan na mga anak tayo ng Diyos? May bisa dito ang pamantayang nakita na natin: paglayo sa kasalanan, pagsunod sa utos ng pag-ibig, pag-iingat sa paniniwala. Tiyak na kung iniibig ng Diyos ang tao, ginawa itong anak; matindi ang dignidad ng tao. Ngunit tinatawag ni Juan ang ating pansin sa dalawang bagay:

- Mga anak nga kayo, ngunit upang maging tulad ng Diyos. Huwag kayong humanap ng anuman maliban sa maging ganap, tulad ng pagiging ganap ng Diyos.
- Mga anak kayo na babalik sa Ama. Dahil sa

• ⁷Minamahal na mga anak, huwag kayong palinlang: Kung may namumuhay nang matuwid matuwid ito, gaya ng pagiging matuwid Niya. ⁸At kung may namumuhay nang makasalanan, sa Diyablo ito sapagkat makasalanan ang Diyablo mula sa simula pa. Napakita naman ang Anak ng Diyos upang sirain ang mga gawa ng Diyablo.

⁹Hindi nagkakasala ang mga isinilang ng Diyos pagkat nananatili sa kanila ang binhi ng Diyos, ni hindi sila nakapagkakasala sapagkat isinilang sila ng Diyos.

¹⁰Kaya paano makikilala ang mga anak ng Diyos at ang mga sa Diyablo? Hindi galing sa Diyos ang hindi gumagawa ng matuwid; ang hindi nagmamahal sa kapatid niya.

¹¹Sapagkat ito ang pahayag na inyong narinig noong una: dapat tayong magmahal sa isa't isa. ¹²Huwag tularan si Cain na kapanig ng Masama kayat pinatay niya

kamalayan nating ito, unawain natin na dinadalisay tayo ng Diyos sa sanlibong paraan, sapagkat kailangan ito para matamo natin ang ating layunin.

Matutulad tayo sa kanya: nakikibahagi sa lahat-lahat kung ano ang Diyos at sa anu't anuman ay nagiging Diyos, kaisa ng Diyos (tingnan ang 1 Cor 13:13). Ang mga nagtitiis sa kanilang buhay ng paghihirap kay Kristo ay magbabagong-anyo tulad niya (Mc 9; Col 3:4). Sa gayon, mararating ng sanlibutan ang layunin nito, na ang mga anak ng Diyos ang sentro nito (Rom 8:19) at magaganap ang Bagong Tao (Ef 4:13).

Hindi nagkakasala ang mga isinilang ng Diyos (9). Kalabisan ba ito? Hindi salita lamang ang pagiging mga anak ng Diyos: sadyang nakapagsimula na tayo sa isang buhay na katotohanan at pag-ibig. Hindi magagawa ng taong muling isinilang ang tunay na magkasala: ang kusang tumangging umibig o magpatawad o magpunyagi. Ngunit idinadalangin natin sa Ama: "Huwag mo kaming ipahintulot..."

• **7.** Ang pagsunod sa utos ng pag-ibig ang katangian ng mga anak ng Diyos.

Iniisip ng maraming tao na nahahati ang daigdig sa dalawang magkalabang panig. Nakikita ng ilan ang isang nang-aapi o inaapi sa bawat tao. Ang iba naman ay walang nakikilala kundi ang mga liberal at konserbador. Ang iba pa ay itim at puti. Sinasabi sa atin ni Juan kung alin ang hangganang humahati sa mga tao: ang mga umiibig at ang mga hindi umiibig. At dapat usigin ang mga Kristiyano dahil sa nasa kampo ng mga umiibig sila. Hindi maunawaan ng mga kasamahan at

ang kanyang kapatid. At bakit niya pinatay? Sapagkat masama ang kanyang mga gawa, at mabuti naman ang sa kanyang kapatid.

¹³ Kaya huwag kayong magtaka, mga kapatid, kung kinamumuhian kayo ng mundo. ¹⁴ Nagmamahal naman tayo sa ating mga kapatid at sa gayon alam natin na lumipat tayo sa buhay mula sa kamatayan.

¹⁵ Nasa kamatayan pa ang hindi nagmamahal. Mamamatay ang namumuhi sa kapatid niya at alam ninyo na ditaglay ng mamamatay-tao ang buhay na walang hanggan.

¹⁶ Malaman ninyo kung paano natin nakilala ang pag-ibig: inialay niya ang kanyang buhay para sa atin. Kaya dapat din nating ialay ang ating buhay alang-alang sa ating mga kapatid.

¹⁷ Kung may nagtatamasa sa yaman ng mundo at ipinipinid ang kanyang puso sa kapatid pagkakita niya sa mga kailangan nito, ¹⁸ paano nasa kanya pa ang pag-ibig ng Diyos? Mahal na mga anak, huwag tayong magmahal sa salita at sa dila lamang – kundi sa gawa at katotohanan.

¹⁹ Paano natin malalaman na nasa atin ang katotohanan, at mapapanatag natin sa harap niya ang ating puso? ²⁰ Isipin natin: hinahatulan man tayo ng puso, higit

ang Diyos sa ating puso at alam niya ang lahat.

²¹ Mga minamahal, kung hindi tayo hinahatulan ng ating puso, mayroon tayong kapanatagan sa harap ng Diyos ²² at kahit ano ang ating hingin, tatanggapin ito pagkat ang kanyang mga utos ang isinasagawa natin at ang nakalulugod sa kanya ang ating ginagawa.

²³ Ito ang utos niya: na maniwala tayo sa Pangalan ng Anak niyang si Jesucristo at mahalin natin ang isa't isa gaya ng utos na ibinigay niya sa atin.

²⁴ Sa kanya nananatili ang tumutupad sa mga utos niya at siya naman dito. Ang Espiritung ipinagkaloob niya sa atin ang nagpapabatid sa atin na nasa atin ang Diyos.

Huwag magtiwala sa kahit sinong propeta

4 ¹ Mga minamahal, huwag magtiwala sa kahit sinong propeta kundi subukin ninyo sila: galing ba sa Diyos ang kanilang espiritu? Sapagkat maraming bulaang propeta ang dumating sa mundo.

² Paano ninyo kikilalanin ang Espiritu ng Diyos? Sa Diyos galing ang lahat ng espiritung kumikilala na naging Mesiyas si Jesus sa pagkatawang-tao niya.

³ At hindi sa Diyos galing ang espiritu kung hindi niya kinikilala si Jesus. Ito ay

kababayan nila na hindi sila nakikibahagi sa pagkamuhi at sektaryanismo ng mga ito.

Sinumang namumuhi sa kanyang kapatid ay isang kriminal. Sa matinding poot nagmumula ang lahat ng pagpatay at masaker. Kapag winawasak ng digmaan ang isang bansa, bunga ito ng pagkamuhi ng maraming tao sa iba, at bunga rin ito sa pagtanggig higit na marami na lutasin ang mga problema at tensiyong panlipunan.

Hinahatulan man tayo ng puso, higit ang Diyos sa ating puso. Sinasabi ni Juan na ang Diyos lamang ang nakaaarok sa lalim ng tao. Higit niya tayong mahahatulan kaysa mahahatulan natin ang ating sarili, at ginagawa niya iyon nang may pag-ibig na hindi natin taglay. Kaya nga, hindi dapat na makadama tayo ng kapaitan dahil sa mga nagdaan nating pagkakamali, o mamuhay na balisa. Pagkatapos magkasala, nararapat nating tularan si Pedro, hindi si Judas.

Maniwala tayo sa Pangalan (23), na ang ibig sabihin, ay pagka-Diyos ni Kristo.

• **4.1** Binigyang-diin ni Juan ang papel ng Espiritu Santo sa paggabay sa atin sa katotohanan, ngunit ngayon ay tinutukoy naman niya ang mga propeta na hindi nagpapatibay sa paniniwala ng mga apostol. Nakikita pa ang mga katulad na sigalot sa Iglesya sa kasalukuyan: may salungatan ng mga pinuno ng Iglesya at ng mga tumutuligsa sa kanilang mga gawa sa ngalan ng Espiritung nasa lahat ng mga Kristiyano. Kailangang liwanagin na walang taong inspirado ang makakayang magsalita laban sa patuloy na paniniwala ng Iglesya. Ngunit paano kung sinasalungat ang mga paraan ng pamumuhay o mga gawa ng pamayanan o ng mga namumuno sa Iglesya? Kailangan bang lagi nating tangkilikin ang mga namumuno? Dapat nating maalaala na bumubuo ang Iglesya ng malalayang tao.

espiritu ng anti-kristo. Narinig na ninyo na palapit na ito at nasa mundo na.

⁴Mga anak, kayo ay sa Diyos at nadaig na ninyo ang mga iyon sapagkat malakas pa ang nasa inyo kaysa nasa mundo.

⁵Mula sa mundo sila kayat galing sa mundo ang kanilang pananalita at pinakikinggan sila ng mundo. ⁶Mula sa Diyos tayo, kaya pinakikinggan tayo ng kumikilala sa Diyos at hindi pinakikinggan ng hindi sa Diyos. Ganito makikilala ang espiritu ng katotohanan at ang espiritu rin ng panlilinlang.

Diyos-Pag-ibig ang pinanggalingan ng pag-ibig

• ⁷Mga minamahal, mahal natin ang isa't isa sapagkat nanggagaling sa Diyos ang pag-ibig at sa Diyos isinilang ang umiibig at nakikilala niya ang Diyos

⁸Hindi naman nakakikilala sa Diyos ang hindi umiibig sapagkat ang Diyos ay pag-ibig.

⁹Malaman ninyo kung paano lumitaw sa atin ang pag-ibig ng Diyos: sinugo ng Diyos sa mundo ang Kanyang Anak na bugtong upang mabuhay tayo sa pamamagitan niya.

¹⁰Ganito talaga ang pag-ibig: hindi

tayo ang umibig sa Diyos kundi siya ang umibig sa atin at sinugo ang kanyang Anak na hain para sa ating mga kasalanan.

¹¹Mga minamahal, kung ganito nagmahal sa atin ang Diyos, dapat din nating mahal natin ang isa't isa.

¹²Hindi kailanman nakikita ng sinuman ang Diyos ngunit kung umiibig tayo sa isa't isa, nasa atin ang Diyos at lumalago sa atin ang pag-ibig niya.

¹³At paano natin malalaman na nasa kanya tayo at nasa atin siya? Ibinigay niya sa atin ang espiritu niya mismo

¹⁴Namalas naman namin at pinatutunayan na sinugo ng Ama ang Anak na Tagapagligtas ng sanlibutan.

¹⁵Kung may kumikilala na si Jesus ay Anak ng Diyos, nasa Diyos siya at nasa kanya ang Diyos. ¹⁶At nakilala naman namin at pinaniwalaan ang pag-ibig ng Diyos para sa atin.

¹⁷Paano makikilala ang kaganapan ng pag-ibig sa atin? Sa pagiging walang takot natin sa araw ng paghuhukom sapagkat katulad na rin tayo niya sa mundong ito.

¹⁸Wala ang takot sa pag-ibig; itinatoboy ng ganap na pag-ibig ang takot

Hindi dapat kailanman sumunod nang pikitmata sa opinyon ng papa, o ng obispo o ng lalong nakararami. Pananagutan nating mag-isip para sa ating sarili at timbangin ang mga pangyayari ayon sa mga pamanayan ng Ebanghelyo.

Kung gayon, papanigan ba natin ang mga taong waring inaakay ng Espiritu? Ngunit ilan na ang mga taong inspirado na naniniwala sa kanilang sariling espiritu lang! Kung talagang inspirado sila ng Espiritu Santo, gaano man ang pagtuligsa nila sa dapat salungatin, hindi nila kailanman tatangkaing hatiin ang Iglesya. Maaari silang itakwil ng pamayanan, ngunit hindi sila ang may pananagutan sa pagkawasak. At nagtatakwil man sa kanila ang pamayanang lokal, hindi pa sila bumubukod sa pandaigdig na pakikipagkaisa ng Iglesya, na sa paglipas ng panahon, ay laging kumikilala sa mga propeta.

• 7. *Dito nagsisimula ang pangatlong bahagi ng liham: ang Diyos na Pag-ibig ang pinagmumulan ng pag-ibig at pananampalataya.*

Ang Diyos ay pag-ibig (8 at 16). Ang pinakamata-

yog na paghahayag, na likas sa paniniwalang Kristiyano. Nakababatid ang mga relihiyon sa isang Diyos na mabuti at mahabagin: walang ibang relihiyon ang nakaalam na pinagagalaw ng pag-ibig ang kabuuang likha, at ang Diyos-Pag-ibig ang bukal niyon.

Sa magandang tekstong ito, iginigiit ni Juan na hindi mahihawalay ang pag-ibig sa Diyos sa pag-ibig sa ating kapatid. At bakit? *Dahil nagmumula sa Diyos ang pag-ibig (7).* Kung maiibig natin ang Diyos, iyon ay sapagkat *inibig muna tayo ng Diyos (10)*; kung iniibig natin ang isa't isa, iyon ay sapagkat ipinaaabot sa atin ang pag-ibig ng Diyos (12).

Pinagsasama rin ni Juan ang pag-ibig ng Diyos at ang pananampalataya sa Diyos: unang paniwala ng Kristiyano ang "paniniwala" sa pag-ibig ng Diyos (16).

Inibig muna niya tayo (10): sa pamamagitan ng kanyang walang-hanggang katalagahan (Ef 1:4), ang pagsusugo sa kanyang Anak at ang sakripisyo nito (Roma 5:8). Kung totoo ang tayong umiibig, hindi natin kailanman nadarama na mabuti ang ating mga gawa at nararapat tayong gantimpalaan. Ang alam

pagkat saklaw ng parusa ang takot. Hindi ganap ang pag-ibig na may takot pa.

¹⁹ Kaya magmahal tayo, sapagkat nagmahal siyang una sa atin.

²⁰ Kung may magsabi: “Mahal ko ang Diyos” at namumuhi naman siya sa kapatid, sinungaling talaga siya. Hindi niya mahal ang kapatid na kanyang nakikita at paano niya mamahalin ang Diyos na di niya nakikita? ²¹ At ito ang utos na tinanggap natin sa kanya: Magmahal nawa sa kapatid ang nagmamahal sa Diyos.

Sa Diyos galing ang pananampalataya

5 ¹ Isinilang talaga ng Diyos ang lahat ng naniniwala na si Jesus ang Mesiyas; at kung may nagmamahal sa nagsilang, nagmamahal din siya sa nagmula dito. ² Paano natin malalaman na mahal natin ang mga anak ng Diyos? Kung mahal natin ang Diyos at tinutupad natin ang mga utos niya.

³ Pagkat narito ang pagmamahal sa Diyos, sa pagtupad sa kanyang mga utos. Hindi naman mabigat ang mga utos niya

⁴ sapagkat nadadaig ang mundo ng nagmula sa Diyos. Ang ating pagsampa-

lamang natin ay gumagalaw ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan natin.

Kaya may katwiran ang buhay ng mga inihahandog ang kanilang sarili upang maglingkod sa mga pinababayaan, mga maysakit, matatanda, mga hindi na makabuluhan sa lipunan. At gayundin ang buhay ng mga inihahandog ang kanilang sarili para sa lalong matalik na pag-ibig ng Diyos.

• **5.1** Ang Diyos-Pag-ibig ang humihingi sa atin na manampalataya sa kanyang Anak, at ang pananampalataya ay isang tagumpay. Sinulat ni Juan ang aklat ng Pagbubunyag upang magbigay ng pag-asa sa mga pinag-uusig na mananampalataya, at ipinakikita sa kanila ang magiging tagumpay nilang kasama ni Kristo sa pagsampalataya nila. Inuulit iyon ni Juan sa ibang paraan.

Ang pinakadakilang tagumpay natin ang paglupig sa ating pamana bilang mga anak ng Diyos at marating ang buhay na walang-hanggan ng mismong Diyos. Nakakamit ng sumasampalataya ang Katotohanan, ang Diyos, sa pagtanggap kay Jesus.

Paano natin malalamang mahal natin ang mga anak ng Diyos? Sinabi na sa atin ni Juan: ang mga

lataya ang dumaig sa mundo – ⁵ sino pala ang dumaig sa mundo maliban sa naniwala na si Jesus ang Anak ng Diyos?

⁶ Dumating siya – si Jesucristo, na tinatakan ng tubig at ng dugo.

Hindi ng tubig lamang, kundi ng dugo rin.

At nagpapatotoo rin ang Espiritu sapagkat ang Espiritu ay ang katotohanan.

⁷ Sa gayon tatlo na ang nagpapatotoo: ⁸ ang Espiritu, ang tubig at ang dugo, at nagkakaisa ang tatlong ito.

⁹ Tinatanggap natin ang patotoo ng mga tao, ngunit higit na mabuti ang patotoo ng Diyos. Nagpatotoo siya talaga, pinatotohanan niya ang kanyang Anak.

¹⁰ Kung may sumasampalataya sa Anak ng Diyos, nasa kanya ang pagpapatotoo. Ang hindi naman naniniwala sa Diyos ay ginagawa siyang sinungaling: hindi nga siya naniniwala sa pagpapatotoo nang magpatotoo ang Diyos tungkol sa Anak niya.

¹¹ At ito ang pinatotohanan ng Diyos: binigyan niya tayo ng buhay na walang hanggan at nasa Anak niya ang buhay na iyon.

taong umiibig sa Diyos ay nagmamahal din sa kapwa. Gayunman, dito ay ipinahahayag iyon ni Juan sa kabaligtaran: nakikilala ang mga nagmamahal sa kanilang mga kapatid sa pag-ibig nila sa Diyos.

Maraming bagay ang tinatawag na pag-ibig; maaaring may bahid ng pag-ibig sa bawat isa sa mga ito, maaaring may nakahihigit o ang iba naman ay kulang. Hindi maipagkakamali sa ibang pag-ibig ang pag-ibig ng Diyos sa atin at ang pag-ibig na ipinagkaka-loob niya sa atin para sa ibang tao. Ang pag-ibig na sumisibol mula sa isang tunay na pakikipagkaisa sa Diyos ay hindi kahawig ng pag-ibig na sentimental, na bulag at salawahan. Sa halip, mabisa iyon: pinalalaya niyon ang iba at pinapapag-anyong Kristo tayo.

Binibigyang-diin ng mga talatang 6-9 ang tatlong karagdagang bahagi ng karanasang Kristiyano, na unang nakita kay Jesus mismo. Kinikilala iyon ni Juan sa tatlong salita:

– *tubig*: Tubig ang sagisag ng kalinisan at ng bagong buhay.

– *dugo*: Ang dugo ng pagpapakasakit, ang mahapding pagbabayad sa mga kasalanan, ang dugo ng mga martir.

– *espiritu*: Ang nagbibigay-buhay sa mga nagpa-

¹²Taglay ang buhay ng may taglay sa Anak at di niya taglay ang buhay kung wala sa kanya ang Anak.

Mag-ingat sa mga huwad na diyos

• ¹³Kaya sinulatan ko kayo nito upang malaman ninyong mayroon kayong buhay, kayong sumasampalataya sa Pangalan ng Anak ng Diyos ¹⁴At ito rin ang ating matatag na pananalig sa kanya: Kung hihingin natin ayon sa kanyang kalooban, pakikinggan niya tayo. ¹⁵Kaya pagkaalam natin na pakikinggan niya ang lahat ng ating hinihingi, alam na nating matatamo ang ating mga hinihingi.

¹⁶Kung may makakitang magkasala ang kapatid – ang isang kasalanang hindi pa-kamatayan, dumalangin siya at magbibigay-buhay sa tao ang Diyos. Sinabi kong hindi pa-kamatayan ang kasalanang

sapagkat mayroon ding pagkakasalang pa-kamatayan at hindi ko hinihingi na ipanalangin ito. ¹⁷Paglabag talaga ang kahit anumang sala, ngunit hindi pa pa-kamatayan ang kasalanang ito.

¹⁸Alam natin na di nagkakasala ang isinilang ng Diyos iniingatan nga siya ng nagmula sa Diyos at hindi siya masasagi ng Masama.

¹⁹Alam nating nasa Diyos tayo at napasailalim ng Masama ang buong sanlibutan.

²⁰Alam natin na dumating ang Anak ng Diyos at binigyan tayo ng kakayahang makilala ang Tunay. Nasa Tunay tayo, nasa kanyang Anak na si Jesucristo.

²¹Ito ang tunay na Diyos at ang buhay na walang-hanggan. Mga anak, mag-ingat sa mga huwad na diyos.

patotoo kay Kristo; ang kahanga-hangang pagkamalikhain ng mga tao at institusyon na nakaugat sa pananampalataya.

Ang tatlong ito ay patotoo kay Kristo at likas din sa kaligtasang Kristiyano. Madali nating makita na tinutukoy din ng mga ito ang tatlong sakramento ng Binyag, Eukaristiya at Kumpil.

• 13. Sa pagwawakas, inuulit ni Juan ang sinabi na niya sa kabuuan ng liham: mahalagahin ninyong mga Kristiyano ang lahat ng sa inyo na. Huwag ninyong mamaliitin ang ginawa ninyong hakbang sa pagtanggap

gap kay Kristo. Magsaliksik at maghanap sa mga kayamanan na iniuukol sa inyo at matatagpuan sa “Kanya na umiibig sa atin” (Pag 1:5).

Napasailalim ng Masama ang buong sanlibutan. Tulad sa nabanggit na, inaangkin ng Diyos ang daigdig na ito. Gayunman, iyon ang pook ng pakikipaglaban ng diyablo sa Diyos. Hindi niya ugali ang pumanig sa alinmang grupo, ateista o materyalista o anupaman, ngunit sa lahat ng dako ay ipinapalit niya sa mabubuting bagay ang mga *huwad na diyos* – maging sa mga taong nagpapanggap na mga lingkod ng Diyos.



2 SULAT NI JUAN

Hinirang na Ginang: sa ganitong paraan binabati ni Juan ang pamayanan ng hindi nakikilalang lunsod. Hinirang at banal ang Iglesya tulad din ng mga tao roon na hinirang at ang mga banal ng Diyos.

Inaanyayahan ni Juan ang mga tao na magkaroon ng matatag at mariing aktitud sa mga hindi tumatanggap sa pananampalataya ng mga apostol. Gayundin naman, ipinagugunita niya ang pangunahing kautusan para sa mga Kristiyano: pag-ibig.

Kay Kristo tayo umiibig sa patuloy na katapatan natin sa katotohanang ipinagkatiwala niya sa atin. Dapat tayong maglingkod sa mga taong nangangailangan ng buong katotohanan, at hindi lamang 'yong kasiya-siya sa mga tao ngayon.

¹Bati ng Matanda sa Hinirang na Ginang at sa kanyang mga anak na mahal ko nang tapat at mahal din ng mga nakakakilala sa katotohanan – ²alang-alang sa katotohanang nananatili sa atin at mananatili pa magpakailanman.

³Sumaatin nawa ang kagandahang-loob at kapayapaang mula sa Diyos Ama at sa Panginoong Jesus na Anak ng Ama, sa katotohanan at pag-ibig.

⁴Lubos kong ikinagalak na matagpuan ang iyong mga anak na namumuhay sa katotohanan, ayon sa utos na tinanggap natin sa Ama. ⁵Kaya ako'y may hihingin sa iyo, Ginang, – hindi ang isang bagong utos kundi ang taglay natin mula noong una pa: *mahalin natin ang isa't isa.*

⁶Nasaan ang pag-ibig? Sa pamumuhay ayon sa mga utos niya. Ito ang utos; natutuhan ninyo ito nang una pa at dapat ninyong isabuhay ito.

⁷Sapagkat marami ang manlilinlang na

nagkalat sa mundo na hindi kumikilala na Mesiyas si Jesus sa pagkakatawang-tao niya. Ganito rin ang manlilinlang na antikristo. ⁸Mag-ingat kayo at baka mawala ang inyong pinagpaguran. Sa halip, tanggapin sana ninyo ang buong suweldo. ⁹Hindi na taglay ang Diyos ng nagsasapanganib at hindi nananatili sa aral ni Kristo. Ang nananatili naman sa aral, ito ang may taglay sa Ama at sa Anak. ¹⁰Kung may lalapit sa inyo na hindi dala ang aral na iyon, huwag ninyo siyang patuluyin o batiin. ¹¹Pagkat sa pagbati lamang ninyo sa kanya, nakikibahagi na kayo sa kanyang masamang gawa.

¹²Marami man akong dapat isulat sa inyo, hindi ko pa gustong ilagay sa papel at tinta. Umaasa akong puntahan kayo at kausapin nang harap-harapan para maging ganap ang ating galak.

¹³Binabati ka ng mga anak ng iyong Hirang na kapatid na babae.



33 SULAT NI JOJUAN

Sa mga Kristiyano na nakakakilala sa kanya, ang apostol na si Juan ay hindi si “San Juan,” ngunit isang tao. Sa isang nagngangalang Diotrefes, na pinagkatiwalaan ni Juan ng isang pamayanan na hindi natin kilala, si Juan ay isang matandang lalaking nakayayamot. At upang higit siyang makapangyari sa simbahan, pinutol ni Diotrefes ang pakikipag-ugnayan.

Sa kabaligtaran naman, sa kanyang tatlong liham, tulad sa Ebanghelyo, binabanggit ni Juan ang “pakikipagkaisa” na nararapat mamayani sa mga Kristiyano. Alinmang simbahan o grupo ay kailangang manatiling bukas sa iba, at laging may pakikipag-ugnayan sa kanila. Iginiit din ni Pablo ang pananagutang ito: na tanggapin sa kanilang tahanan ang mga Kristiyanong nagmumula sa iba-ibang dako upang mapatibay ang bigkis ng pananampalataya.

¹Bati ng Matanda sa kanyang minamahal na Gayo – na mahal ko nang tapat.

²Minamahal, maging mapalad sana ang lahat sa iyo at maging malusog pati ang katawan mo na gaya ng iyong kaluluwa. ³Nagalak ako nang lubos pagdating ng mga kapatid na nagsabi at nagpatotoo na namumuhay ka sa katotohanan. ⁴Wala akong higit na ikinagagalak kaysa marinig ko na ang aking mga anak ay namumuhay sa katotohanan.

⁵Minamahal, mabuti ang ginagawa mo para sa mga kapatid, lalo na sa mga taga-ibang lugar. ⁶Pinatotohanan nila sa harap ng pamayanan ang iyong pag-ibig. Mabuti rin kung matutulungan mo silang ipagpatuloy ang kanilang paglalakbay sa paraang karapat-dapat sa Diyos. ⁷Alangalang sa Pangalan niya sila naglakbay nang walang tinanggap sa di-Kristiyano. ⁸Dapat natin talagang tulungan ang ganyang mga tao at sa gayon tulungan ang mismong katotohanan.

⁹May isinulat ako sa Iglesya ngunit

hindi kami kinikilala ni Diotrefes na mahilig mamuno. ¹⁰Kaya kung pupunta ako, ipapaalaala ko sa kanya ang masasamang gawa niya at ang paglibak niya sa amin sa masasamang salita. At hindi lamang ito. Hindi siya tumanggap sa mga kapatid at tumututol din sa mga nagnanais tumanggap at pinalalayas sila sa Iglesya.

¹¹Minamahal, huwag tularan ang masama kundi ang mabuti. Sumasadiyos ang gumagawa ng mabuti ngunit hindi naman nakikita ang Diyos ng gumagawa ng masama. ¹²Pinupuri si Demetrio ng lahat, pati ng katotohanan. Pinupuri rin namin siya at alam mo na tunay ang aming patotoo. ¹³Marami man akong isusulat sa iyo, hindi ko pa gustong ilagay sa papel at tinta. ¹⁴Umaasa akong puntahan kita agad at kausapin nang harap-harapan.

Sumasaiyo ang kapayapaan. Binabati ka ng mga kaibigan. Paratingin mo ang aking pagbati sa bawat isa sa mga kaibigan.



Maaaring nilayon ng Espiritu Santo na iwan sa atin ang Liham ni Judas upang higit nating hangaan ang mga Ebanghelyo at ang ibang sinulat ng mga apostol. Kailangang makilala sana natin ang panitikan nang kapanahunang iyon upang mabatid kung gaano kasalimuot at hindi kapani-paniwala ang mga aklat na relihiyoso, maging ang mga aklat ng mga Judio at ng mga pagano. Bilang paghahambing, masasabing kabilang sa siglong ito ang mga Ebanghelyo at si Pablo. Ang liham na ito ay sinasabing sinulat ni Judas Tadeo at ginawa, sa katotohanan, nang nagtatapos na ang unang siglo. Tinutuligsa niyon ang mga bulaang guro, na siya mismong binabanggit sa mga liham nina Timoteo at Tito.

Gayunman, ang mga paghahambing at halimbawa na ginamit ay hinango sa mga aklat na Judio nang panahong iyon. Hindi pa itinakda ng Iglesia kung alin sa mga aklat ang inspirado ng Diyos at naging bahagi ng Biblia. Bukod sa Lumang Tipan, ginamit ng mga Kristiyano ang panitikang relihiyoso ng mga Judio (halimbawa, ang Aklat ni Enoc, ang Testamento ng Labindalawang Patriyarka, ang Pag-akyat ni Moises), at marami pang leyenda na may kinalaman sa mga sinaunang panahon na makikita natin sa liham na ito. Sa anyo nito, na maaaring sinauna sa ating tingin, ay mayroong malakas na panawagan na pangalagaan ang kinakailangang pananampalataya ng mga apostol, na nang panahong iyon, ay isang taimtim na kaabalahan ng Iglesia. Kaya nga, nang sumunod na ilang taon, ang awtor ng 2 Pedro ay kinopya ang isang bahagi ng liham na ito.

¹ Bati ni Judas, na lingkod ni Jesucristo at kapatid ni Jaime, sa mga minamahal ng Diyos at tinatawag para manatili kay Jesucristo.

² Managana nawa kayo sa awa, kapayapaan at pag-ibig. ³ Mga minamahal, labis kong hinangad na sumulat sa inyo tungkol sa ating kaligtasan, ngunit ngayon, napipilitan akong sumulat sa inyo at humingi na ipaglaban ang ganap na pananampalatayang ipinagkatiwala nang minsanan sa mga banal.

⁴ Sapagkat mayroong mga taong nakapasok sa inyo na talagang mga tampalasang isinakdal na mula pa noon sa ganitong pagkakasala. Pinalitan nila ng kahalayan ang kaloob ng Diyos at tinatanggihan si Jesucristo na ating Panginoon.

⁵ Batid man ninyo ang lahat ng ito, gusto ko pa ring ipaalaala na hinango ng Panginoon ang bayang Israel sa Ehipto ngunit sa ikalawang pagkakataon ay nilipol niya ang mga di-sumampalataya.

⁶Gayundin ang ginawa niya sa mga anghel na hindi nanatili sa kanilang karangalan. Pagkaiwan nila sa kanilang sariling lugar, inilaan silang walang-hanggang magapos sa kadiliman hanggang sa paghahatol sa Dakilang Araw. ⁷Gayundin ginawang isang halimbawa ang Sodoma at Gomorra at ang mga bayang nasasakop nila na nagbili ng sarili sa kahalayan at pinagnasahan nila ang mga anghel. Walang-hanggan ang pagdurusa nila sa apoy. ⁸Ganoon din ang mga iyan sa kanilang kahibangan: dinudungisan nila ang kanilang sariling katawan, hinahamak at nilalait ang mga taga-langit na kapangyarihan at kaluwalhatian.

⁹Ngunit alam ninyo na sa pakikipagtalo ng arkanghel na si Miguel sa diyablo dahil sa bangkay ni Moises, ay hindi siya nangahas tumuligsa sa diyablo. Sinabi lamang niya: “Pagsabihan ka nawa ng Panginoon!” ¹⁰Nilalapastangan naman ng mga iyan ang hindi nila nauunawaan, at kung mayroon silang likas na kaalaman, parang sa hayop na walang isip ito at ikinapapahamak lamang nila. ¹¹Sawimpalad sila! Sinundan nila ang landas ni Kain at napadala sila sa pandaraya ni Balaam alang-alang sa salapi. Sa wakas, mapapahamak sila kasama ng mapanghimsik na si Kore. ¹²Sila ang sumisira sa inyong mga salu-salong magkapatid: walang hiya nilang pinakakain ang sarili. Ang sarili lamang ang pinangangalagaan nila: mga ulap na walang tubig na tinatangay ng hangin, mga punungkahoy na walang bunga sa taglagas, dalawang beses namamatay at handang bunutin; ¹³naisasaboy ang bula ng kanilang mga bisyo sa masasamang alon ng dagat. Katulad sila ng mga talang ligaw na papunta sa pusikit na kadiliman magpasawalang-hanggan.

¹⁴Sila ang mga tinukoy ni Enoc, ang ikapito sa lahi ni Adam; nagpropeta siya

nang sabihin: “Heto: dumarating ang Panginoon na kasama ang libu-libo niyang mga banal. ¹⁵Hahatulan niya ang lahat; pagsasabihan niya ang mga tampalasan sa lahat ng katampalasanang nagawa nila, at sa lahat ng mga paglait na nasabi ng mga makasalanan at tampalasan laban sa kanya.” ¹⁶Tinutukoy nito ang mga tumututol at dumaraing. Sumusunod sila sa kanilang mga pagnanasa habang nagsasalita nang palalo ang bibig nila. Mapagmapuri sila para sa kanilang sariling kapakanan.

¹⁷Alalahanin ninyo, mga minamahal, ang sinabi ng mga apostol ni Jesucristo, aking Panginoon. ¹⁸Sinabi nga nila: “Sa huling panahon lilitaw ang mga manlibak na susunod sa kanilang mga pagnanasa – na makasalananang mga pagnanasa. ¹⁹Sila ang gumagawa ng hidwaan sa inyo. Makalupang tao sila na hindi taglay ang espiritu. ²⁰Ngunit kayo naman, mga minamahal, itayo ang inyong pagkatao sa batayan ng inyong napakabanal na pananampalataya. Dumalangin kayo sa Espiritu Santo, ²¹ingatan ninyo ang sarili sa pag-ibig ng Diyos, maging handang tumanggap ng awa ng ating Panginoong Jesucristo at akayin sa buhay na walang-hanggan.

²²Kung may nag-aalinlangan, hikayatin ninyo sila; ²³hanguin ninyo sa apoy ang iba at iligtas sila; kahabagan naman ang iba nang maingat at kasuklaman maging ang damit na nadungisan ng kanilang katawan.

²⁴Sa kanya na may kakayahang ingatan kayo, panatilihin kayong walang pagkahulog at iharap kayong magalak at walang kapintasan sa kanyang Kaluwalhatian, ²⁵sa iisang Diyos na nagliligtas sa atin kay Jesucristo na ating Panginoon – sa kanya nawa ang kaluwalhatian, karangalan, lakas at kapangyarihan mula sa simula pa at magpasawalanghanggan. Amen.